

BAGO - Illinois Benipisyong Pangkalusugan para sa mga May Edad na 65 na taon o pataas **Karapat-dapat ka sa affordable healthcare.**

il ay karapat-dapat ka para sa programang kung matugunan ang mga kinakailangan:

Ikaw ay 65 na taon pataas.

Isa ka sa mga sumusunod:

Isang ligal na permanenteng residente na Hindi pa umabot sa 5 limang taon (Kilala rin bilang may hawak na Green Card), o

Mga imigranteng walang dokumento (kasali ang mga (may Pansamantalang Protektadong Katayuan)

Ang iyong taunang kita o sahod sa 2020 ay mas mababa pa sa \$12,756 o kung mag-asawa ang taunang kita o sahod ay mas mababa pa sa \$17,240*

Ikaw ay may mga assets na mas mababa sa \$ 2,000. Kung mag-asawa o isang. Pares, may assets na mas mababa pa sa \$3,000*

PINAKAWALAN DAHIL SA COVID-19**

* Maari ding magamit ang iyong mga babayaran sa medikal upang mabawasan ang iyong mabibilang na kita o mga assets. Makakatulong ito para ikaw ay maging kwalipikado.

** Hindi bibilangin ang iyong mga assets hanggang matapos ang emergency na dulot COVID-19. Hindi rin bibilangin gayundin ang ilang mga assets tulad ng bahay at kotse.

Saklaw ng Benepisyo

Ang bagong programa medikal na ito ay mag-aalok ng “benipisyong package” na may \$0 premium at \$0 co-payment. Kasali sa mga serbisyo ang mga sumusunod: doctor/manggagamot at pangangalaga sa ospital, mga pagsubok sa laboratoryo, mga rehabilitatibong serbisyo tulad pisikal at pangtrabahong-therapy, kalusugan sa bahay, kalusugan sa pag-iisip at mga karamdaman sa paggamit ng sangkap, mga serbisyo sa ngipin o mata at mga iniresetang gamot. Hindi saklaw ang mga serbisyo sa pasilidad ng nursing. Maaaring sakupin ng programa ang naunang pangangalagang pangkalusugan hanggang 3 buwan bago ka mag aplay.

Singil ng Publiko (Public Charge)

Kung mayroong mga katanungan tungkol sa kung paano makakaapekto ang pagpapatala sa programang ito sa kasalukuyan o sa hinaharap, kapag may kahilingang baguhin ang iyong katayuan sa imigrasyon, mag email sa Protecting Immigrant Families sa pifillinois@povertylaw.org. O tumawag sa Immigrant Family Resource Program sa 1-855-437-7669. Sila ay tutulong sa iyo upang mahanap ang organisasyong makakasagot sa iyong mga tanong.

Mag-Aplay na Ngayon

Maaari kayong mag-aplay para sa mga bagong benepisyong ito sa pamamagitan ng mga sumusunod na paraan:

- ✓ Mag -aplay online sa www.ABEillinois.gov
- ✓ Mag-aplay sa pamamagitan ng telepono. Tawagan ang ABE Customer Call Center sa 1 800-843-6154
- ✓ Kontakin ang [Application Assistor](#) upang tulungan kang mag-aplay
- ✓ Kumontak sa isang [Community Service Agency](#) upang tulungan kang mag-aplay. Sa 59 na lenggwahe.

- ✓ Mag-aplay sa pamamagitan ng pagsulat o mail-gamitin ang online [Paper Application](#) o tanungin ang ABE Customer Call Center 1 800-843-6154 upang humiling ng paper application.

Para sa Karagdagang Kaalaman

Kontakin ang [Office of Welcoming Centers for Refugee and Immigrant Services](#), DHS Bureau of Refugee and Immigrant Services phone (312) 793-7120 o mag email sa DHS.BRIS@illinois.gov